

The Story of Jesus Part 33

The Great Cost

Derick Parfan | May 25, 2014 | Luke 14:25-35

Great Crowds

Madali tayong ma-impress kapag nakakakita tayo ng "marami." Sa tingin natin mainam o maganda ang marami kaysa naman kakaunti. While there is some truth to that, merong kulang. Halimbawa, nakaattend ako ng isang church, ang daming tao, punung-puno. Para ngayong mas kaunti ang mga tao dito sa church. Karaniwan nating maiisip kapag ganun, "Aba, mukhang mas OK dito." O kaya naman, kapag nagpost ako ng picture ng anak ko sa Facebook, may nag-like na tatlo - asawa ko pa yung isa. Tapos may nakita akong nagpost ng baby nila tapos 1,000 "likes," - Aba, mukhang mas cute ang baby nila, mas maraming followers. We are easily impressed by the many, as if numbers ang pinakamahalaga. Bakit?

Does it take great commitment sa mga tao na pumunta sa simbahan, mamasaha, at maupo at makinig ng sermon? Does it take great commitment na mag-like ng picture sa FB? No! Jesus knows that, pagdating sa maraming tao na sumusunod sa kanya, he was not easily impressed. Simula pa lang ng ministry niya, sa height ng kanyang popularity sa Galilee, ang dami-dami nang taong nakasunod at nakapaligid sa kanya kapag nagtuturo siya (Luke 6:17; 7:11; 8:4, 40; 9:37). At pagdating natin sa point ng story natin ngayon (Luke 14:25-35), marami pa rin ang nakasunod. Verse 25, "Maraming tao ang sumunod kay Jesus sa paglalakbay niya papuntang Jerusalem" (ASD). Great crowd! Mukhang OK 'to. Pero hindi impress si Jesus kasi alam niya marami sa kanila walang great commitment.

E iyon naman kasi ang kailangan sa pagsunod kay Jesus. Ilang beses na natin iyang nakikita sa Luke. Bago pa man siya magsimulang maglakbay papuntang Jerusalem (9:51, "resolutely set out," NLT), sinabi na niya kung ano ang mangyayari sa kanya doon: He will "suffer many terrible things...be rejected...be killed..." (9:22 NLT). Tapos dito sa text natin, may sasabihin siya sa kanilang mga sumusunod sa kanyang paglalakbay papuntang Jerusalem, na para bang gusto niyang mag-isip-isip silang mabuti, "Are you sure you want to follow me there? Are you ready to embrace suffering, be rejected and be killed as a result of following me? Is that what you really want?"

Hindi ganito ang paanyaya o imbitasyon o mensaheng naririnig ng 93 milyong mga Pilipinong nagsasabing "Christian" sila o ng 2.3 bilyong mga tao sa buong mundong nagsasabing "Christian" sila. Ang marami sa panahon ni Jesus sumusunod sa kanya kasi libreng pagkain o nakiki-ride sa popularity niya o naghihintay na mapagaling din sila. Tulad din ng mga tao ngayon, Christian sila pero ang slogan ng puso nila ay basta "Jesus plus something". At yung something na iyon ay good life, good family, good job, happy life. Pero paano kung ang paanyaya pala ni Jesus ay "Jesus plus nothing" (no

good life, no happy family, no money) - ilan ang matitira sa 93 milyong Pilipinong Christian daw sila? Sa 2.3 bilyong nagsasabing Christian sila? Sa inyong naririto ngayon?

Following Jesus is costly. Bakit ganoon? Hindi ba 'to contradicting sa sermon natin last week? Na nag-aanyaya ang Diyos sa atin sa isang malaking handaan - libre, walang kailangang bayaran. Ang regalong kaligtasan ng Diyos at buhay sa kanyang kaharian ay libre. Ang kailangan lang ay tanggapin natin. But it is also costly. Bakit? Kasi may hawak-hawak tayo sa kamay natin na ayaw nating bitawan. We accept the free grace of God with open and empty hands. Kaya costly, kasi may bibitawan ka, bago mo mahawakan iyon. It is like trading something good (that you are turning into a god) to something much better, something you can do away with to something you can't live without.

Iyan ang ibig sabihin ng pagsunod kay Jesus. Kung gusto mo talagang sumama sa paglalakbay niya, hindi pwedeng nakapirmi ka sa bahay. Iiwanan mo iyon at susunod ka kay Jesus. Ang tanong, "Do you really want to go with him?" Kaya sinabi niya sa mga taong pag-isipan nilang mabuti. Hindi ito basta-bastang desisyon lang. Parang isang nagtatayo ng gusali, verse 28, "magplano at kuwentahin kung magkano ang magagastos" (count the cost). O sa verse 31, parang isang hari, bago sumabak sa giyera, "mauupo upang pag-aralang mabuti kung kaya niya" (deliberate, calculate, estimate).

Ang gagawin natin ngayon, tingnan natin kung anu-ano ang "costs of discipleship or following Jesus." Sa mga di pa nagdedesisyong sumunod sa kanya, pakinggan n'yo 'to at saka kayo magdesisyon. Sa inyo na sinasabing Jesus-followers na kayo, pakinggan n'yo 'to at i-assess ang sarili n'yo kung totoo nga bang tagasunod kayo ni Jesus.

The Cost of Discipleship

Sabi ni John MacArthur sa kanyang sermon dito, "It'll cost you everything. Jesus is not offering a makeover. He's calling for a takeover." Bakit everything?

Everyone you love. Verse 26, "If anyone comes to me and does not hate his own father and mother and wife and children and brothers and sisters, yes, and even his own life, he cannot be my disciple." Strong word ang ginamit n'yo dito (di masyadong pansin sa Tagalog), "hate" your family and your life. Siyempre hindi ibig sabihing sasabihin mo na sa pamilya mo, "Ayaw ko na sa iyo. Di na kita mahal." That's contrary sa iba pang sinasabi ng Panginoon. Bakit "hate" ang ginamit? Ganito kasi magsalita ang mga Judio kung ikukumpara ang higit na iniibig sa iba pang iniibig. Ibig sabihin, tulad ng sabi ni Warren Wiersbe, "Our love for Christ must be so strong that all other love is like hatred in comparison."

Tulad ng mga Judio, tayo ring mga Pilipino, napakahalaga sa atin ng pamilya. Pero

kung tayo ay susunod kay Jesus, maging ang mga mahal natin sa buhay ay di dapat mangibabaw sa puso natin. Lalo na sa inyo na ang pamilya n'yo ay di pa Christian. At mas madala itong mangyari sa mga lugar na mas maraming Muslim. Kung papipiliin ka kung pamilya o si Jesus, alam mo na kung ano ang pipiliin mo, kasi you love Jesus more than any other loves. At sabi niya, "Yes, and even your own life." We love the person in front of the mirror more than anyone else in this world. Kung susunod ka kay Jesus, ibig sabihin, sinasabi mo sa kanya, "You take over. Hindi na ako ang may hawak ng buhay ko. Ikaw na. Hindi na ang pangarap ko, kundi ang plano mo. Hindi na ang reputasyon ko, kundi ang karangalan mo." Following Jesus will cost you everyone you love. Kung ang pagsunod kay Jesus ay "Jesus minus loved ones" susunod ka pa rin ba sa kanya? Similar ang sabi niya sa Matthew 10:37, "Whoever loves father or mother more than me is not worthy of me, and whoever loves son or daughter more than me is not worthy of me."

Everything you dream of. Verse 27, "Whoever does not bear his own cross and come after me cannot be my disciple." At this point, pansinin n'yo na ang sinasabi ni Jesus dito ay hindi para sa next level ng pagiging Christian. Ang problema kasi sa iba, pinaghihiwalay nila ang "salvation" at "discipleship" o pagiging Christian at pagiging disciple, as if pwede kang maging Christian o maligtas na di ka naman "follower of Jesus." Sa language ni Jesus dito, hindi pwedeng paghiwalayin, "come to me" sa verse 26, "come after me" sa verse 27. Kung may iba pang mas mahalaga sa buhay mo kesa kay Jesus sabi niya, you "cannot be my disciple" (verse 26 at 27 yan).

At ang sinabi niya dito sa verse 27 ay napag-aralan na natin sa Luke 9:23, "If anyone would come after me, let him deny himself and take up his cross daily and follow me." Papunta siya sa Jerusalem. He will die on the cross. At ang cross sa panahon nila ay horrifying symbol of shame, torture and death. Kung ikaw ay tagasunod ni Jesus, hindi na pangalan o reputasyon mo ang pinakamahalaga sa iyo. You are ready to suffer shame for Jesus' sake. Hindi na comfort o convenience mo ang pinakamahalaga sa iyo. You are prepared to suffer for Jesus' sake. Hindi na ang mapahaba ang buhay mo ang pinakamahalaga sa iyo. Kung nanaisin ng Diyos na buhay mo ang maging kapalit ng pagsunod mo sa kanya, you are ready to say, "Yes, Lord!" That's what it means to be a Christian. It will cost you everything you dream of. Kung ang pagsunod kay Jesus ay "Jesus minus your dreams" susunod ka pa ba?

Everything you own. Verse 33, "You cannot become my disciple (tulad din ng verse 26 at 27) without giving up everything you own." Takeover ng possessions natin ang pagsunod kay Jesus. Tulad nina Pedro, Juan, Mateo na iniwan ang lahat ng pag-aari nila, ng negosyo nila, para sumunod kay Jesus. Di tulad ng mayamang lalaki na umuwing malungkot dahil di niya kayang ipagbili ang kanyang mga ari-arian, ipamigay sa mga mahihirap at sumunod kay Jesus (Luke 18:18ff).

Di naman natin iiwan ang trabaho natin at ipamimigay ang pera natin, pero kung kailangan para makasunod kay Jesus gagawin natin. Ibig sabihin, sinasabi natin kay Jesus, "Ikaw na ang may-ari ng lahat ng ito. Gawin mo kung ano ang gusto mo. Hindi kung ano ang gusto ko." Jesus is not just our Savior, he is Lord over everything we own. Until you are ready to confess that, you cannot be a disciple. Ang salitang "give

up" (NLT) o "renounce" (ESV) ay ginagamit din sa context na "goodbye" kung sa tao gagamitin (Mark 6:46; Luke 9:61). So, in a sense, we are saying goodbye sa pera para hugutan natin ng meaning, significance, fulfillment sa buhay natin, and we welcome Jesus as everything for us.

Following Jesus will cost you everything you own. Hindi man mawala lahat, pero Jesus comes to take over your possessions. Kung ang pagsunod kay Jesus ay "Jesus minus money" susunod ka pa ba?

The Greater Cost of Non-Discipleship

The cost of discipleship is great. Hindi basta-bastang desisyon ang pagsunod kay Jesus. Pinag-iisipang mabuti. Pero magbibigay din ako ng warning sa inyo (at ito ang warning na dapat n'yong ibigay sa iba): Huwag n'yong pagtatagalin ang pagdedesisyon. Bakit? Because the cost of non-discipleship (not following Jesus) is greater. There's a terrible cost to not following Jesus.

Embarrassment. Sinasabi mo (tulad ng bilyun-bilyong tao sa buong mundo) na Christian ka. Pero kung hindi naman pala totoo, at pagnagkagipitan at nagkasubukan na, uurong ka pala, ikaw din ang mapapahiya. Verses 28-30, "Kung ang isa sa inyo'y nagbabalak na magtayo ng tore, hindi ba siya uupo muna upang magplano at kuwentahin kung magkano ang magagastos niya upang matiyak kung may sapat siyang pera para maipatapos ang kanyang ipapatayo? Baka matapos mailagay ang mga pundasyon ay hindi naman mayari ang tore. Siya'y kukutyain lamang ng lahat ng makakakita niyon. Sasabihin nila, 'Ang taong ito'y nagsimulang magtayo ngunit hindi naman naipatapos.'"

Ito yung mga taong di naman buo ang pagsunod kay Jesus. Sa nguso lang, wala sa puso. Sa oras ng ginhawa lang, kapag mahirap na aatras na. Ang salitang "kukutyain" (mock/embarrass/deride) ay masakit pakinggan. Lalo na sa kultura ng mga Judio at hawig sa ating mga Pilipino na shame-based. Mahalaga sa atin ang honor, ang maganda ang masabi ng mga tao sa atin. Pero sinasabi dito ni Jesus na kabaligtaran ang matatanggap natin kung mas mahalaga sa atin ang sarili nating karangalan kaysa ang sumunod kay Jesus.

Noong una, nagmamalaki ka, akala ng mga tao totoo ka, pero pagdating ng araw, wala ka nang maipagmamalaki, mapapahiya ka pa. Hindi mga tao ang kukutya sa iyo. Ang Diyos mismo, bilang parusa niya sa mga taong gusto lang kay Jesus ay iyong mga "something" na nakukuha nila sa kanya, pero di naman talaga si Jesus ang pinakamamahal nila. Sasabihin ni Jesus sa kanila, "Hindi ko kayo kilala. Lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan" (Mat. 7:23 MBB). Ito iyong mga tao ngayon na mas mahal nila ang ibang tao at ang reputasyon nila at ikinahihiya si Jesus at ang kanyang salita, kaya "ikakahiya rin siya [ni Jesus] pagparito niya" (Luke 9:26 MBB). Clearly, greater is the cost of not following Jesus. At ang kasunod ay higit pang mas malala doon...

Destruction. Pakinggan n'yong ang pangalawang illustration ni Jesus, verses 31-32, "O

sinong hari na makikipagdigma sa kapwa hari ang hindi muna mauupo upang pag-aralang mabuti kung kaya niya, gamit ang sampung libo niyang kawal, na sumagupa sa kalaban na may dalawampung libong kawal? At kung hindi niya kaya, malayo pa ang kalaban ay magsusugo na siya ng mga kinatawan upang makipagkasundo." Being a disciple of Jesus is entering a war, a spiritual war. Obviously doon sa kuwento ni Jesus, outnumbered ang hari, isa laban sa dalawa. Kung susugod ka basta-basta, tiyak na mapapahamak ka. Hindi lang reputasyon o dangal ang mawawala sa iyo bilang isang talunang hari, you will end up losing your life, your kingdom destroyed.

At ganito ang sasapitin ng mga taong ang pagsunod kay Jesus ay basta-basta lang. Mapapahamak, mamamatay, at mararanasan ang pait, hirap, sakit ng parusa ng Diyos sa magpasalawang-hanggan. Greater is the cost of not following Jesus. Maliban na lang kung ikaw ay makikipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala at pagsunod kay Jesus. Pero kung hindi, masaklap at malagim dahil mahihiwalay ka nang tuluyan sa Diyos na lumikha't nagbigay buhay sa iyo.

Separation. Tingnan natin ang huling illustration na ginamit ni Jesus, verses 34-35, "Mabuti ang asin, ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Wala itong kabutihang maibibigay sa lupa, o kahit sa tambakan man ng dumi, kaya't ito'y itinatapon na lamang" (vv. 34-35a). Isinasalarawan ni Jesus dito ang mga disciples na "asin" - ganito rin ang sabi niya sa Matthew 5:13, "Kayo ang asin ng sangkatauhan. Ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Hindi ba wala na itong kabuluhan kundi ang itapon at tapakan ng mga tao?" Ang asin ginagamit na pampalasa sa pagkain, nagkakaroon ng sarap. Ginagamit din sa panahon nila na preservative, wala pa kasing refrigerator. At minsan ginagamit ding pataba sa lupa. Natural sa mga totoong followers ni Jesus na may influence tayo sa mundong ginagalawan natin, sa mga taong nakapaligid sa atin.

Pero kung walang epekto ang isang tao sa buhay ng iba, ibig sabihin you are not a true follower of Jesus, the life of Jesus is not in you. Para kang asin na walang alat. Well, siyempre sa panahon natin, imposibleng ang asin ay mawalan ng alat, kasi puro ang asin natin. Pero sa panahon nila, ang asin na galing sa Dead Sea ay may mga impurities, may halong ibang mineral, kaya posibleng mawalan ng alat. Kapag nawala ang alat, wala nang silbi, "wala itong kabutihang maibibigay sa lupa, o kahit sa tambakan man ng dumi, kaya't ito'y itinatapon na lamang." This is serious. Ang mga taong akala mong relihiyoso, malapit sa Diyos, pagdating ng araw na iyon sasabihin ng Diyos sa kanila, "Lumayo kayo sa akin!" Ang mga di totoong sumusunod kay Jesus ay mahihiwalay sa kanyang presensya sa loob ng bilyung-bilyong taon, magpasawalang-hanggan. At ito na ang pinakamasaklap na maaaring sapitin ng isang tao.

Malinaw na malinaw, huwag ka nang magbulag-bulagan at magbingi-bingihan, wag ka nang magpakamanhid - greater is the cost of not following Jesus. Ayaw mong dumating ang araw na sasapitin mo ang sinasabi ni apostol Pablo, na ayon din sa itinuturo ng Panginoong Jesus, "Parurusahan ang lahat ng hindi kumikilala sa Diyos at hindi sumusunod sa Magandang Balita ng Panginoong Jesus. Magdurusa sila ng walang

hanggang kapahamakan at mahihiwalay sila sa Panginoon at sa dakila niyang kapangyarihan" (2 Thess. 1:8-9 MBB).

Treasuring Jesus above Everything and Everyone

Jesus is not playing games with us. So stop playing games in this church. We are in a very serious business. Kaya sabi ni Jesus, "Makinig ang may pandinig" (v. 35b)! Hindi niya sinasabi ditong ang kaligtasan o pagtanggap ng Diyos o pagpasok sa kanyang kaharian ay nakasalalay sa pagsisikap natin. No! Ang panawagang pakinggan ang sinasabi niya, iwan ang lahat at sumunod sa kanya ay panawagan na magtiwala sa kanya, na pahalagahan siya nang higit sa lahat.

Totoong great is the cost of discipleship, greater is the cost of non-discipleship. Pero dapat nating marealize na greatest is the cost that Jesus paid. Iniwan niya ang karangyaan ng kalangitan at namuhay na parang isang alipin (Phil. 2:5ff). Nilait siya maging ng sarili niyang pamilya. Itinakwil siya ng mga kababayan niya. Nagdusa siya, ipinako sa krus, kahiyahiya at masaklap na kamatayan bagamat wala ni isa man lang siyang kasalanang nagawa. Sinabi niya, "It is finished!" Tinalo niya ang kasalanan, kamatayan at kamandag ni Satanas, para sa atin, para matikman natin ang sarap ng mapalapit muli sa kanya, sa halip na pait ng kanyang parusa. Jesus is worthy of all our trust!

Jesus is worthy. The call to follow Jesus is a call to treasure him above everything and everyone in our lives, and yes, even above our own lives. Sabi David Platt, pastor ng The Church at Brook Hills, at nangunguna sa panawagang ang mga members nila ay ilaan ang buhay sa pagmimisyon sa India at sa iba pang mga bansa: "But if Jesus *did* rise from the dead, if he did what no one else in all of history has ever done or will ever do - conquer death - then we can't just accept what Jesus said. We must orient everything in our lives around what Jesus said" (*Follow Me*, p. 79). Sabi pa niya, "Do we realize the weight of the one who has invited us to follow him? He is worthy of more than church attendance and casual association; he is worthy of total abandonment and supreme adoration."

It is great joy for us to give up everything to follow the One who has given up everything for us. Sabi ni Jesus, "Ang kaharian ng langit ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nahukay ito ng isang tao ngunit agad itong tinabunan. Tuwang-tuwa siyang umalis at ibinenta ang lahat ng kanyang ari-arian upang bilhin ang bukid na iyon" (Mat. 13:44 MBB).

Alam ni Pablo ang sinasabi dito ng Panginoong Jesus, na sa kabila ng napakarami niyang accomplishments, balewala ang lahat kung ikukumpara kay Cristo. Sabi niya, habang nasa kulungan siya, "Ngunit dahil kay Cristo, ang mga bagay na pinapahalagahan ko noon ay itinuring kong walang kabuluhan ngayon. Oo, itinuturing kong walang kabuluhan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Ang lahat ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan at itinuring kong basura (dumi o tae), makamtan ko lamang si Cristo" (Phil 3:7-8 MBB).

Mabibigat ang mga salitang binitiwang ni Jesus sa atin ngayon. Dahil sa mga ganitong pananalita niya, kahit noong nasa Galilea pa siya, maraming mga tao ang tumalikod na sa kanya at ayaw nang sumunod, turned off na. Minsan sabi ni Jesus kina Pedro at sa mga kasama niya, "Kayo, gusto n'yo rin bang umalis?" Sagot ni Pedro, "Panginoon, kanino pa po kami pupunta? Nasa inyo ang mga salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Naniniwala kami at natitiyak namin na kayo nga ang Banal na mula sa Diyos" (John 6:68-69 MBB).

The call to follow Jesus is a call to treasure him above everything and everyone in our lives, and yes, even above our own lives. Ang pagsunod kay Jesus - magastos nga (costly), pero sulit na sulit naman. Ang di pagsunod kay Jesus - mas magastos na (more costly), sayang na sayang pa.